

K

Lingguhang Aralin sa Kindergarten

Kuarter 1

Linggo

4

Lingguhang Aralin sa Kindergarten
Kuwartar 1: Linggo 4
SY 2023-2024

Ang materyal na ito ay inilaan sa mga guro para sa implementasyon ng MATATAG Kindergarten Curriculum sa School Year 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anomang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito ayon sa sinasaklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring maging hakbang sa legal na kaparusahan.

Sinikap na matunton ang mga may-akda ng mga ginamit na materyal na ito para sa paghingi ng permiso. Kung kaya't hindi lubos na inaangkin ang pagmamay-ari ng mga bumuo ng mga kagamitang panturong ito.

| Bumuo ng Materyal | | | |
|--|------------------------|--------------------|--------------------|
| Sinuri at Pinagyaman | | | |
| Internal: | Marissa M. Andanza | Ruby E. Baniqued | Gemma G. Bernardo |
| | Dalisay E. Esguerra | Florita R. Matic | |
| | Florante D. Garcia | Lucky S. Carpio | Aubrey M. Arebuabo |
| | Jever E. Sales | Evelyn M. Ramos | |
| External: | Jonellie Reynes Santos | Rubie Sajise | Kristine Canon |
| Tagalapat: | Dorothy Grace I. Reyes | Ana Lisa M. Mesina | Edgardo Q. Reyes |
| | Cristina Rivera | Klarize B. Bermejo | |
| Tagaguhit: | | | |
| Management Team | | | |
| JOCELYN DR ANDAYA <i>CESO IV</i> Regional Director | | | |
| CRISTITO A. ECO <i>CESO III</i> , Assistant Regional Director | | | |
| MICAH G. PACHECO , OIC Chief Education Supervisor, CLMD | | | |
| DENNIS M. MENDOZA , Regional LR Education Program Supervisor | | | |
| MARICAR A. BANGIT , Regional Kindergarten Supervisor | | | |
| RUBY E. BANIQUED , Division LRMS/ Kindergarten Supervisor | | | |
| DALISAY E. ESGUERRA , Division LRMS/ Kindergarten Supervisor | | | |

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon ng mga materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

| | | | |
|---|--|----|----------------------------|
| MATATAG Kindergarten Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Petsa: |
| | Pangalan ng Guro: | | Lingguhang Bilang 4 |
| | Pangkat: 1. | 2. | Markahan 1 |
| | Tema: Knowing Who We Are and Our Families | | |

| | |
|---|---|
| A. Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard) | <i>The learners demonstrate understanding of attitude, emotions, similarities and differences of oneself and others including the concept of family, and of importance of physical health, safety, and appropriate movement concepts.</i> |
| B. Pamantayan Pagganap (Performance Standard) | <i>The learners manage emotions, make decisions, recognize similarities and differences of people, and express oneself based on personal experiences; participate actively in various physical activities; use hands in creating models; perform coordinated body movements; and take care of one's physical health and safety.</i> |
| C. Mga Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competencies) | <ul style="list-style-type: none"> ● <i>Narrate one's personal experiences</i> ● <i>Express oneself through music, arts, and movements</i> ● <i>Demonstrate ability to respond appropriately in different situations and events</i> ● <i>Demonstrate locomotor and non-locomotor movements</i> ● <i>Match numerals to a set of concrete objects around me</i> ● <i>Compare quantities using one to one correspondence to determine which has more, less, or equal</i> ● <i>Create art works using local and available materials</i> ● <i>Use communication tools properly and technology appropriately</i> ● <i>Recognize the importance of having a positive attitude in dealing with different circumstances</i> |
| D. Mga Layunin (Mensahe) | <ul style="list-style-type: none"> ● <i>Natutukoy ang karaniwang damdamin;</i> ● <i>Naipahahayag ang damdamin kung masaya, malungkot, naiinip, natatakot, nagagalit, at nasasaktan kung tinutukso/inaapi (binu-bully) o nakararanas ng pang-aabuso; at</i> ● <i>Nagagawa ang dapat o maaaring gawin upang maging maayos ang kilos o salita bunga ng nararamdaman.</i> |
| E. Nilalaman/Paksa (Content Focus) | Tayo ay may damdamin. |

| BLOCKS OF TIME | LUNES | MARTES | MIYERKOLES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|--------|------------|---------|----------|
| Arrival Time Free Play | <p>Batiin nang nakangiti ang mga bata sa kanilang pagdating. Habang hinihintay ang iba pa nilang kaklase, hikayatin silang pumili ng mga laruan, babasahin o bagay na kanilang magustuhan na nasa kabinet o <i>learning nook</i>. Kung may gumagamit pa ng silid-aralan at may lugar sa labas, papilahin ang mga bata upang hindi maaarawan o maulanang bago pumasok sa silid-aralan.</p> <p>Kapag kumpleto na ang mga bata, sabihin sa kanila na iligpit na ang kanilang mga gamit o ibaba ang mga ito at maghanda na sa pag-umpisa ng klase.</p> <p>Pagkatapos ng sampung minutong paghihintay, kantahin ang "Isa, Dalawa, Tatlo" o iba pang kanta na maaaring gamitin upang umupo ang mga bata at maging handa na para sa <i>Meeting Time</i>.</p> <p>(Maaaring sumangguni sa <i>Teacher's Guide</i> partikular ang <i>Intentional Teaching for Routine Activities</i> para sa karagdagang sanggunian.)</p> | | | | |
| Meeting Time (15 minuto) | <p>Pambansang Awit Panalangin Ehersisyo Kumustahan (Kumustahin ang mga bata. Magtanong din tungkol sa balita sa telebisyon o radyo na napanood o napakinggan nila. Maaaring hikayatin silang magbigay ng maikling karanasan o nalalaman tungkol sa mga kasalukuyang pangyayari o <i>current events</i> gaya ng kung may bagyo, <i>transport strike</i> at iba pa.)</p> <p>Balitaan: (Ipakanta ang mga awiting may kinalaman sa araw o petsa, buwan, panahon, at iba pa. Halimbawa: Pito-pito (mga araw sa isang Linggo), Lubi-lubi ((mga buwan sa isang taon), at Ang Panahon (tungkol sa panahon)</p> <p>Ating alamin ang petsa, araw, buwan ngayon gamit ang ating kalendaryo.</p> <p>Kahapon ay (e.g., <u>Linggo</u>) Ngayon ay _____ Bukas ay _____ Ang petsa ngayon ay ika __ ng _____ taon _____</p> <p>Sabihin: Kumusta naman ang panahon natin ngayon? (maulan, maaraw, maulap, mahangin)</p> | | | | |

| | | | | | |
|------------------------------|---|--|---|---|---|
| | <p>Tingnan ang iyong mga kaklase, bilangin natin ang mga babae. (Patayuin ang bawat batang mabibilang. Muling gawin ito sa mga lalaki). Ilan ang mga babae? Ilan ang mga lalaki? Ilan lahat ang pinagsamang bilang ng mga babae at lalaki? Bilangin natin.</p> <p>Matapos gawin ang <i>routine activities</i>, ipakita ang Tsart ng Damdamin . Sabihin: Sa linggong ito, ating papakiramdaman ang damdamin ng bawat isa. Araw-araw, ating alamin ang damdamin ng bawat isa sa pamamagitan ng paglalagay ng <i>emoticon</i> sa ating Tsart ng Damdamin. Pipili ninyo at ididikit dito ang inyong naramdaman sa bawat araw simula sa pagpasok sa klase at bago umuwi. Mahalagang mapanatiling maganda ang inyong pakiramdam upang maisagawa nang maayos ang anumang gawain. Simulan na natin ngayon.</p> <p>Itanong: Ano ang inyong damdamin ngayong oras na ito? Gamit ang <i>feelings stick puppets</i>, ipaalam ninyo kung kayo ay masaya/malungkot/nagagalit/natatakot/masama ang loob dahil mayroon kayong hindi nagustuhan sa ginawa ng kasama sa bahay o ng ibang tao. Maaari ba ninyong sabihin kung ano ito o bakit ninyo ito naramdaman? Ano ang ginagawa mo kapag ikaw ay nalulungkot o nagagalit? Tama kayang palagi kang galit o malungkot? Bakit dapat itong iwasan?</p> <p>(Sumangguni sa <i>Teacher’s Guide</i> partikular ang <i>Intentional Teaching for Routine Activities</i> upang makita ang iba’t ibang konsepto at <i>variation</i> ng pagtuturo nito.)</p> | | | | |
| <p>Mga Mensahe</p> | <p>Masaya ako. Minsan naman ay malungkot ako.</p> | <p>Ako ay nagagalit kung minsan.</p> | <p>Nasasaktan ako kapag tinutukso o nabu-<i>bully</i>.</p> | <p>Minsan, ako ay natatakot.</p> | <p>Naiinip ako kung minsan.</p> |
| <p>Mga Katanungan</p> | <p>Ano ang mga bagay o pangyayari na nagpapasaya sa iyo? Ano-ano naman ang nagpapalungkot sa iyo? Ano ang ginagawa mo kung ikaw ay masaya/malungkot?</p> | <p>Ano ang mga dahilan at nagagalit ka kung minsan? Ano-ano ang ginagawa mo kung ikaw ay nagagalit?</p> | <p>Ikaw ba ay nakaranas na ng panunukso o pang-aapi (<i>pambu-bully</i>)? Paano ito nangyari? Ano ang naramdaman mo dahil doon? Ano ang ginagawa mo kung ikaw ay nasasaktan dahil sa</p> | <p>Sa anong mga bagay o pangyayari ka natatakot? Ano ang ginagawa mo kung ikaw ay natatakot?</p> | <p>Ano ang ibig sabihin ng ‘naiinip’? Tuwing kailan ka naiinip? Ano ang ginagawa mo kung ikaw ay naiinip?</p> |

| | | | | | |
|---|---|---|--|--|--|
| | | | panunukso o pambu-bully? | | |
| Circle Time 1 (Work Period) (45 minuto) | Gumamit ng kuwento bilang lunsaran ng kompetensiyang tatalakayin. Linangin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pakikinig. Ipaawit sa mag-aaral ang “Kaibigang Libro”. Hikayatin ang mga mag-aaral na magsabi kung ano ang kanilang nakikita sa pabalat ng aklat na gagamitin. Sabihin ang pamagat ng kuwento, pag-usapan ang larawang-guhit at ang may-akda nito. Basahin ang kuwento sa mga mag-aaral. | | | | |
| | <p>Awitin ang “Masaya Kung Sama-sama” bilang pampasiglang gawain.</p> <p>Ipakita ang Tsart ng Damdamin. Ipalagay rito ang kanilang nararamdaman sa oras na iyon gamit ang <i>emoticon cut outs</i>.</p> <p>Pagkatapos nilang tukuyin ang kanilang nararamdaman, hikayatin ang mga batang magkuwento ng kanilang karanasan kung bakit ganoon ang kanilang pakiramdam.</p> <p>Basahin sa mga mag-aaral ang kuwentong lunsaran ng aralin. Mungkahing kuwento: <i>Mukha:</i></p> | <p>Awitin ang “Masaya Kung Sama-sama”.</p> <p>Turuan ang mga bata ng galaw kasabay ng tugtog na “Masaya kung Sama-Sama” upang malinang ang <i>locomotor and non-locomotor movements</i>.</p> <p>Ihanda ang mga mag-aaral sa pakikinig ng kuwento. Ibigay ang pamantayan nito.</p> <p>Mungkahing kuwento: <i>Masaya Kapag Magkasama</i> (Ludovico, 2022. USAID).</p> <p>(Maaaring gumamit ng ibang kuwentong tungkol sa iba’t ibang damdamin.)</p> | <p>Awitin ang “Kumusta Ka?”</p> <p>Mungkahing Kuwento: <i>Si Muning at ang Bully</i> (Chit, 2022. Let’s Read-The Asia Foundation).</p> <p>(Maaaring gumamit ng ibang kuwentong tungkol sa iba’t ibang damdamin.)</p> <p>Tanungin ang mga bata kung naiguhit na ba nila ang kanilang damdamin sa tsart kaninang pagpasok nila sa silid-aralan. Tiyakin na nagawa na ito ng lahat ng mga bata.</p> <p><i>K-RL-I-IV-2</i> Gawain: (Balik-Aral) <i>Jumbled Letters</i></p> | <p>Awitin ang “Kung Ikaw Ay Masaya”.</p> <p>Mungkahing kuwento: <i>Nagpunta Si Ardilya sa Paaralan</i> (Do Thai Thanh, 2020. Let’s Read-The Asia Foundation).</p> <p>(Maaaring gumamit ng ibang kuwentong tungkol sa iba’t ibang damdamin.)</p> <p>Tanungin ang mga bata kung naiguhit na ba nila ang kanilang damdamin sa tsart kaninang pagpasok nila sa silid-aralan. Tiyakin na nagawa na ito ng lahat ng mga bata.</p> <p><i>K-MB-I-3</i> Gawain: (Balik-Aral) <i>Guess the Emotion</i></p> | <p>Awitin ang “Kung Ikaw Ay Masaya”.</p> <p>Mungkahing kuwento: <i>Ang Nawawalang Bola</i> (Mustafa, 2020. Let’s Read-The Asia Foundation).</p> <p>(Maaaring gumamit ng ibang kuwentong tungkol sa iba’t ibang damdamin.)</p> <p>Tanungin ang mga bata kung naiguhit na ba nila ang kanilang mga damdamin sa tsart kaninang pagpasok nila sa silid-aralan. Tiyakin na nagawa na ito ng lahat ng mga bata.</p> <p><i>K-M-I-II-2</i> Gawain: <i>How are you feeling today?</i></p> |

| | | | | | |
|--|--|--|---|--|--|
| | <p><i>Isang Aklat ng mga Damdamin</i> (Fua, 2022. USAID).</p> <p>Maaaring gumamit ng ibang kuwentong tungkol sa iba't ibang damdamin. Sumangguni sa <i>Teacher's Guide</i> tungkol sa <i>Effective Storytelling to Children</i>.</p> <p>Pagganyak (Motivation question) Ano ang inyong damdamin ngayon habang kayo ay naghahandang makinig sa kuwento?</p> <p>Pangganyak na Tanong (Motive question)</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ano ang damdaming ipinakilala ng mga bata sa bawat gawain? 2. Bakit kaya nag-iiba-iba ang ating pakiramdam? <p>Ipakita ang larawan sa bawat pahina ng</p> | <p>Ipakita ang mga iba't ibang pahina ng aklat na naglalaman ng kuwentong larawan o <i>picture story</i>. Hikayatin ang mga mag-aaral na bumuo ng sariling kuwento ayon sa nakikita sa larawan. Magandang gawain ito upang malinang ang pagiging malikhain.</p> <p>Pagganyak Motivation question: Ano ang itsura ng inyong mukha kung kayo ay masaya/nagagalit/nalulungkot/natatakot?</p> <p>Hikayatin ang mga mag-aaral na maglaro. Hayaan silang ipakita ang masaya/galit/malungkot/natatakot na mukha.</p> <p>Pangganyak na Tanong Motive question: Ano ang damdamin na nakikita ninyo sa</p> | <p>May mga larawan ng damdamin sa pisara. Sa ibabang bahagi nito ay ang mga <i>jumbled letters</i> ng ngalan ng damdamin. Para maayos ng mga bata ang <i>jumbled letters</i>, magbibigay ng tunog ng letra ang guro. Ipaulit sa mga bata ang tunog ng letrang narinig habang hinahanap ang katumbas na letra nito. Ipaayos sa mga bata ang mga letra base sa mga ibinigay na pagkakasunod-sunod ng tunog. Pagkatapos mabuo ang salita ay sasabihin ng mga bata ang tunog ng mga letra at susubukang basahin ito. Gabayan ang mga mag-aaral.</p> <p>Ipaliwanag ang mga mahirap na salita/konsepto. Isulat ang mga ito sa pisara. Halimbawa: <i>bully</i></p> | <p>Magbibigay ng iba't ibang sitwasyon ang guro at ipakikita ng mga bata ang kanilang damdamin sa pamamagitan ng paggamit ng <i>facial expression</i>.</p> <p>Ipaliwanag ang mga mahirap na salita/konsepto. Isulat ang mga ito sa pisara:</p> <ul style="list-style-type: none"> - bukung-liwayway - halimaw - lente - rumaragasa - parang <p>Sabihin na may bagong kuwento ngayon tungkol sa isa pang damdamin.</p> <p>Magpakita ng takot sa iyong mukha at hayaang hulaan ng mga bata kung ano ang damdaming iyon.</p> <p>Sabihin na bukod sa saya, lungkot, galit, at sakit ng damdamin, maaari</p> | <p>May tsart ang guro kung saan nakalagay ang larawan ng iba't ibang damdamin. Bawat bata ay may maliit na papel (bilog). Tutukuyin ng mga bata ang kanilang nararamdaman sa araw na ito sa pamamagitan ng pagdikit ng maliit na papel sa tapat ng larawan ng kanilang damdamin. Pagkatapos ay sabay-sabay nilang bibilangin kung ilan sa klase ang nakararamdam ng bawat damdamin. Isusulat ang bilang nito sa ibabang bahagi ng damdamin. Paghambingin ang bilang ng damdamin upang matukoy kung alin ang marami, kaunti o magkapareho ang bilang.</p> <p>Ipaliwanag ang mga mahirap na salita/konsepto.</p> |
|--|--|--|---|--|--|

| | | | | | |
|---|--|--|---|---|--|
| <p>Teacher Supervised Activities</p> | <p>aklat. Hikayatin silang iugnay ang larawan sa kanilang karansan upang madali silang makagawa ng sariling kuwento. Gawin ito upang malinang ang pagiging malikhain ng mga mag-aaral.</p> <p>Talakayan <i>Post story discussion</i></p> <p>Magtanong hinggil sa likhang kuwento ng mga mag-aaral ayon sa kanilang karanasan. Gumamit ng LOTS hanggang HOTS na tanong upang malinang ang kritikal na pag-iisip (<i>critical thinking</i>).</p> <p>Mga halimbawang tanong:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ano-ano ang damdamin na ipinakita sa kuwento? 2. Ano ang nagpapasaya at | <p>mukha ng mga bata sa pabalat ng aklat? May nagagalit bang bata sa larawan? Bakit kaya siya nagagalit?</p> <p>Talakayan <i>Post story discussion</i></p> <p>Magtanong ng LOTS hanggang HOTS na tanong mula sa <i>picture story</i> upang malinang ang kritikal na pag-iisip (<i>critical thinking</i>).</p> <p>Mga halimbawang tanong:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ano ang nangyari sa mga tauhan sa kuwento? 2. Ano ang ginawa ng kanilang guro? 3. Bakit kaya nagkagalit ang mga bata? 4. Ano ang aral na natutuhan mo sa kuwento? <p>Bigyang -diin ng guro ang kahalagahan ng pagpipigil sa sarili na hindi manakit kung</p> | <p>Pagganyak <i>Motivation question:</i> Nakaranas na ba kayo ng panunukso o pang-aapi/pambully? Ano ang nangyari? Ano ang inyong naramdaman? (Makinig sa sagot ng mga bata at ulitin ito. Maging sensitibo sa maaaring isagot ng bata. Sumangguni sa tamang tao kung may nangangailang na ng tulong ang bata.)</p> <p>Pangganyak na Tanong <i>Motive question:</i> Ano ang ginawa ni Muning sa nambully sa kaniya sa kuwento?</p> <p>Talakayan <i>Post story discussion</i></p> <p>Balikan ang mga pangyayari sa kuwento at pag-usapan sa klase ang mga detalye nito. Magtanong ng LOTS hanggang HOTS na tanong upang malinang ang kritikal</p> | <p>din silang makadama ng takot.</p> <p>Hikayatin ang mga bata na ipakita sa kanilang mukha ang takot.</p> <p>Pagganyak <i>Motivation question:</i> Sa anong bagay, karanasan, o kanino kayo natatakot?</p> <p>Pangganyak na Tanong <i>Motive question:</i> Sino ang mga bida sa kuwento at ano ang kinatatakutan nila?</p> <p>Talakayan <i>Post story discussion</i></p> <p>Balikan ang mga pangyayari sa kuwento at pag-usapan sa klase ang mga detalye nito. Magtanong ng LOTS hanggang HOTS na tanong upang malinang ang kritikal na pag-iisip (<i>critical thinking</i>).</p> | <p>Isulat ang mga ito sa pisara: -makalat -istante</p> <p>Tanungin ang mga bata kung naaalala nila ang mga kuwento noong mga nagdaang araw at kung anong damdamin ang tinukoy ng mga iyon.</p> <p>Sabihin na may bagong kuwento ngayon tungkol sa isa pang damdamin.</p> <p>Magpakita ng pagkainip sa iyong mukha at hayaang hulaan ng mga bata kung ano ang damdaming iyon. Hikayatin din ang mga bata na ipakita sa kanilang mukha ang pagkainip Sabihin na maliban sa saya, lungkot, galit, sakit ng damdamin, at takot, maaari din silang makadama ng pagkainip.</p> <p>Pagganyak</p> |
|---|--|--|---|---|--|













| | | | | | |
|--|--|---|---|--|---|
| | <p>nagpapalungkot sa isang batang gaya mo?</p> <p>3. Paano mo kaya mapapasaya ang kaibigang malungkot o nagagalit?</p> <p>Itanong din kung paano o kung ano ang dapat o maaaring gawin upang maging maayos ang kanilang kilos o salita bunga ng kanilang nararamdaman. (Maging sensitibo sa maaaring isagot ng bata. Sumangguni sa tamang tao kung may nangangailang na ng tulong ang bata.)</p> <p>Mungkahing Gawain: Tsart ng Damdamin Gawain: <i>Class Sharing</i></p> <p>Magbahagi sa klase ng isang karanasan na nakaramdam ka ng kasiyahan o kalungkutan.</p> | <p>nagagalit, at pagpapatawad sa mga taong nagparamdam sa atin ng galit o inis.</p> <p>Mungkahing Gawain: Pagsasadula</p> <p>(Ituon sa damdaming galit ang pagsasadula.)</p> <p>Magbigay ng simpleng rubrik na magiging gabay ng mga bata sa pagsasagawa g gawain.</p> <p>Ang mga gawain ay makapagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na malinang ang kanilang <i>expressive</i> at <i>receptive language</i> gayundin ang kanilang <i>fine and gross motor skills</i>. Iminumungkahing gumamit ng iba pang <i>play-based activities</i> upang mas maging</p> | <p>na pag-iisip (<i>critical thinking</i>).</p> <p>Tanungin ang mga bata kung ano ang naramdaman ni Muning sa pambu-<i>bully</i> sa kaniya.</p> <p>Tanungin ang mga bata kung paano nabigyan ni Muning ng solusyon ang pambu-<i>bully</i> sa kaniya.</p> <p>Idiin ang kahalagahan ng paghingi ng tulong kung nakararanas ng pambu-<i>bully</i>, pagpipigil sa sarili na huwag gumanti o manakit kung nasaktan ang damdamin, at pagpapatawad sa mga taong nanukso o nang-api/nam-<i>bully</i>. Ipaalala rin na sabihin agad sa guro o magulang ang naging karanasan.</p> <p>Mungkahing Gawain: Pagkukuwento ng Sariling Karanasan</p> | <p>Tanungin ang mga bata kung sino o ano ang kinatatakutan nila.</p> <p>Tanungin ang mga bata kung ano ang ginagawa nila kung sila ay natatakot. Ipapaliwang sa mga bata kung paano nila pipigilan ang sarili na matakot nang sobra dahil hindi ito mabuti sa katawan. Itanong din kung paano maiiwasan ang takot.</p> <p>Mungkahing Gawain: Pagguhit at Pagsulat</p> <p>(Ituon sa pagpapaguhit ng tao, bagay, hayop o pangyayari na kinatatakutan ng mga bata. Ipabakas ang salitang "takot" sa ilalim ng iginuhit.</p> <p>Magbigay ng simpleng rubrik na magiging gabay ng mga bata sa pagsasagawa ng gawain.</p> | <p><i>Motivation questions:</i> Naranasan na ba ninyo ang mainip sa paghihintay? Kailan iyon at ano ang ginawa ninyo?</p> <p>Pangganyak na Tanong <i>Motive question:</i> Sino ang nainip sa kuwento at bakit siya nainip?</p> <p>Talakayan <i>Post story discussion</i></p> <p>Balikan ang mga pangyayari sa kuwento at pag-usapan sa klase ang mga detalye nito. Magtanong ng LOTS hanggang HOTS na tanong upang malinang ang kritikal na pag-iisip (<i>critical thinking</i>).</p> <p>Tanungin ang mga bata kung ano ang mga damdamin na naramdaman ng mga bata sa kuwento habang sila ay naghihintay na</p> |
|--|--|---|---|--|---|

| | | | | | |
|--|--|---------------------------------------|---|--|--|
| | <p>(Ang mga gawain ay makapagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na malinang ang kanilang <i>expressive</i> at <i>receptive language</i> gayundin ang kanilang <i>fine and gross motor skills</i>. Iminumungkahing gumamit ng iba pang <i>play-based activities</i> upang mas maging interesado sila sa mga gawain.)</p> | <p>interesado sila sa mga gawain.</p> | <p>(Ituon ang pagpapakuwento sa naramdaman kung tinutukso o inaapi (binu-<i>bully</i>), at sa paraan na kanilang ginawa upang maiwasan ito.)</p> <p>Magbigay ng simpleng rubrik na magiging gabay ng mga bata sa pagsasagawa g gawain.</p> <p>(Ang mga gawain ay makapagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na malinang ang kanilang <i>expressive</i> at <i>receptive language</i> gayundin ang kanilang <i>fine and gross motor skills</i>. Iminumungkahing gumamit ng iba pang <i>play-based activities</i> upang mas maging interesado sila sa mga gawain.)</p> | <p>(Ang mga gawain ay makapagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na malinang ang kanilang <i>expressive</i> at <i>receptive language</i> gayundin ang kanilang <i>fine and gross motor skills</i>. Iminumungkahing gumamit ng iba pang <i>play-based activities</i> upang mas maging interesado sila sa mga gawain.)</p> | <p>magsimula ang kanilang laro. Sabihin na maaaring magbago ang ating mga damdamin sa isang pagkakataon.</p> <p>Sabihin na may iba-iba tayong damdamin na puwede nating maramdaman nang sunod-sunod o sabay-sabay.</p> <p>Ipaliwang sa kanila na nangyayari ang pagpapalit-palit ng damdamin depende sa sitwasyon gaya ng sinabi o ginawa ng tao o gawain, at iba pa.</p> <p>Mungkahing Gawain: Emosyon Ko, Hulaan Mo! (Magpakita ng ekspresyon ng mukha o kilos na nagpapakita ng iba't ibang damdamin. Ituon sa damdaming pagkainip ang paglalaro.)</p> <p><i>K-MB-I-IV-6</i></p> |
|--|--|---------------------------------------|---|--|--|

| | | | | | |
|--|--|--|--|--|--|
| | | | | | <p>Iba pang mungkahing gawain: <i>Cup of Emotions</i></p> <p>Kagamitan: mga larawan ng iba't ibang damdamin, <i>paper cups, glue and scissors</i></p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Idikit ang mga mukha ng damdamin sa itaas na bahagi ng <i>paper cup</i>. Apat o limang damdamin ang maaring magkasya sa isang <i>paper cup</i>. 2. Butasan ang isa pang <i>paper cup</i> sa itaas na bahagi nito ang sa tapat ng butas ay dikitan ng larawan ng katawan ng isang bata. 3. Pagsamahin ang dalawang <i>paper cup</i> at maaaring ikutin ang mga ito upang makita ang iba't ibang larawan ng damdamin. <p>(Ang mga gawain ay makapagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na</p> |
|--|--|--|--|--|--|

| | | | | | |
|---|---|--|--|--|---|
| | | | | | <p>malinang ang kanilang <i>expressive</i> at <i>receptive language</i> gayundin ang kanilang <i>fine and gross motor skills</i>. Iminumungkahing gumamit ng iba pang <i>play-based activities</i> upang mas maging interesado sila sa mga gawain.)</p> |
| <p>Supervised Recess (15 minuto)</p> | <p><i>Ihanda ang mag-aaral para sa Supervised Recess.</i></p> <p><i>Sabihin:</i> <i>Mga bata, mayroon lamang tayong labinlimang minuto para kumain. Pumalakpak tayo ng limang beses para sa natapos nating mga gawain. Sabay- sabay na magbilang mula 1 hanggang 10 o 20 kung kaya bilang paghahanda sa recess.</i></p> <p><i>Tawagin natin si _____, ang ating prayer leader (ayon sa Job Chart). Magpasalamat o magdasal tayo para sa natapos nating gawain at sa ating pagkain.</i></p> <p><i>Sabihin: Tayo ay pumila para sa paghuhugas ng ating mga kamay. Habang naghuhugas ng kamay ang mga bata, magtanong ng ilang bagay tungkol sa pangangalaga at pagpoprotekta sa katawan.</i></p> <p><i>Itanong: Anong mga bahagi ng katawan ang ating ginagamit sa pagkain? Bakit kailangang maghugas ng kamay bago at pagkatapos kumain.</i></p> <p>Habang kumakain na ang mga mag-aaral, maaaring magtanong ang guro tungkol hugis, laki, o lasa ng kanilang kinakain. Itanong: <i>Ano ang iyong meryenda? Ano ang lasa o kulay o hugis ng iyong pagkain? Sino ang naghanda ng inyong pagkain? Bakit mahalagang nguyain nang mabuti ang kinakain? Sino ang walang baon? Maaari ba ninyong ibahagi ang inyong baon sa iba?</i></p> | | | | |

| | |
|---|--|
| | <p>Pagkatapos kumain, maghuhugas muli ng mga kamay at magsesepilyo. Ipaalala na mahalaga na palaging malinis ang ating mga kamay at mga ngipin para maiwasan ang pagkakaroon ng sakit. Maaaring magpalit ng damit kung nabasa o pinawisan.</p> |
| <p>Quiet / Nap Time (10 minuto)</p> | <p>Iparinig nang mahina ang <i>recorded</i> na awiting, "Ang Munting Bituin" habang nagpapahinga ang mga bata. Maaaring gumamit ng iba pang awitin. Mahalaga ang bahaging ito sa pagsasaalang-alang ng <i>short attention span</i> at <i>socio-emotional learning</i> ng mga mag-aaral.</p> |
| <p>Circle Time 2 (Work Period) (40 minuto)</p> <p>Mga Gawain sa Grupo (<i>Independent Activities</i>)</p> | <p>Gisingin ang mga bata at sabihing mag-unat-unat. Kailangan ito upang maihanda ang isip at katawan sa susunod na mga gawain. Maaaring lapatan ang awit ang kanilang ginagawa upang mas maging kaaya-aya sa kanila ang gawain. Paupuing muli ang mga bata pagkatapos mag-unat-unat.</p> <p>Sabihin sa mga bata na may inihandang gawain para sa bawat grupo. Tatayo ang bawat lider ng grupo at lumapit sa kagamitan na nasa mesa. Ipaliwanag ang gawain ng bawat grupo.</p> <p>Sa paghahanda ng mga pangkatang gawain, isaalang-alang ang kakayahan (<i>ability</i>) at <i>learning styles</i> ng mga mag-aaral. Pumili ng mga gawain na angkop sa kanilang edad (<i>developmentally appropriate</i>), <i>play-based</i> at <i>inclusive</i> upang magkaroon ng <i>child-centered learning environment</i>. Siguraduhin na iba't iba ang <i>skills</i> ng mga mag-aaral ang lilinganin sa pangkatang gawain.</p> <p>Sabihin sa mag-aaral na may mga inihandang gawain sa bawat grupo. Pangkatin sila ayon sa kanilang kakayahan at interes. Maaring bumuo ng dalawa hanggang tatlong pangkat. Ibigay ang <i>rubrics</i> sa isasagawang mga gawain upang maging gabay ng mga-aaral sa kanilang gagawing <i>performance tasks</i>.</p> <p>Ipaliwanag na mabuti ang mga pamantayan sa pagsasagawa nito gayundin ang minutong gugugulin sa paggawa.</p> <p>Hikayatin ang lider ng bawat grupo na kumuha ng mga gamit na kailangan sa isasagawang gawain at ibahagi ang mga ito sa kaniyang miyembro. Magtalaga ng ibang lider sa susunod na araw upang lahat ay mabigyan ng pagkakataon. Maaari ring hikayatin ang bawat grupo na ikuwento sa klase ang kanilang natapos na gawain upang malinang ang <i>oral language skill</i> at <i>self-confidence</i>.</p> <p>Pagkatapos ng gawain, hikayatin ang mga mag-aaral na ibalik sa tamang lagayan ang mga kagamitang ginamit.</p> |

| | | | | |
|--|---|--|---|--|
| <p>Sabihin sa kanila na sabayan sa pagbilang ang guro mula isa hanggang sampu para tapusin na ang kanilang ginagawa at ibalik sa tamang lagayan ang mga ginamit. Bagalan ang pagbilang upang may sapat na oras tapusin at iligpit ng mga bata ang mga kagamitan.</p> | | | | |
| <p>Mga mungkahing pangkatang gawain:</p> <p>Rubrik: Bigyan ng simbolo ang bawat grupo ayon sa kanilang ginawa. Ipaliwanag ang kahulugan ng bawat simbolong ibibigay.</p> <p> - mahusay na natapos ang gawain</p> <p> - nangailangan ng gabay ng guro upang matapos ang gawain</p> | <p>Mga mungkahing pangkatang gawain:</p> <p>Rubrik: Bigyan ng simbolo ang bawat grupo ayon sa kanilang ginawa. Ipaliwanag ang kahulugan ng bawat simbolong ibibigay.</p> <p> magaling na magaling</p> <p> magaling</p> <p> may katamtamang galing</p> | <p>Mga mungkahing pangkatang gawain:</p> <p>Rubrik: Bigyan ng simbolo ang bawat grupo ayon sa kanilang ginawa. Ipaliwanag ang kahulugan ng bawat simbolong ibibigay.</p> <p> napakahusay</p> <p> mahusay</p> <p> may katamtamang husay</p> | <p>Mga mungkahing pangkatang gawain:</p> <p>Rubrik: Bigyan ng simbolo ang bawat grupo ayon sa kanilang ginawa. Ipaliwanag ang kahulugan ng bawat simbolong ibibigay.</p> <p> - nagawa nang maayos ang gawain</p> <p> -nangailangan ng tulong ng guro upang matapos ang gawain</p> | <p>Mga mungkahing pangkatang gawain:</p> <p>Rubrik: Bigyan ng simbolo ang bawat grupo ayon sa kanilang ginawa. Ipaliwanag ang kahulugan ng bawat simbolong ibibigay.</p> <p> -maayos na maayos ang ginawa</p> <p> -maayos ang ginawa</p> |
| <p>Pangkat 1: <i>Emotion Match</i></p> <ul style="list-style-type: none"> Bigyan ang pangkat ng mga larawang nagpapakita ng | <p>Pangkat 1: <i>Angry Emotion Board Game</i></p> <ul style="list-style-type: none"> Ipakita ang 2 <i>angry emotion boards</i> na may | <p>Pangkat 1: <i>Iarte Mo</i></p> <ul style="list-style-type: none"> Ipakita ang larawan ng isang sitwasyon na binu-<i>bully</i> ng isang malaking batang | <p>Pangkat 1: <i>Roll the Dice</i></p> <ul style="list-style-type: none"> Ihagis ang <i>feeling dice</i> na may angkop na bilang | <p>Pangkat 1: <i>Awitin Natin</i></p> <ul style="list-style-type: none"> Magpakanta ng isang awit na nagpapahayag ng damdamin. |

| | | | | | |
|--|---|---|---|--|---|
| | <p>iba't ibang sitwasyon.</p> <ul style="list-style-type: none"> ● Bigyan din sila ng <i>emoticon cutouts</i>. ● Ipadikit sa tapat ng larawan ang damdaming maaari nilang maramdaman sa bawat sitwasyon. ● Ipaulat sa klase ang natapos na gawain. | <p>larawan ng batang babae at lalaki.</p> <ul style="list-style-type: none"> ● Itanong sa bawat miyembro ng pangkat kung nakaramdam na siya galit ng araw na iyon. ● Kung babae ang nakaramdam ng galit, lalagyan ng tsek ang <i>angry emotion board</i> na babae. ● Kung lalaki naman ang nakaramdam ng galit, lalagyan ng tsek ang <i>angry emotion board</i> na lalaki. ● Kapag natanong na ang lahat, iuulat kung sino ang may maraming bilang ng nakaramdam ng galit, babae ba o lalaki. | <p>lalaki ang isang payat na batang lalaki.</p> <ul style="list-style-type: none"> ● Hikayatin ang mga miyembro ng pangkat kung ano ang dapat gawin kapag nakakita ng ganitong pangyayari. ● Ipaarte sa kanila ang kanilang naisip na gawin upang maiwasang mabiktima ng <i>bullying</i>. | <p>ang bawat daldamin: <i>masaya- 1 malungkot-2 galit- 3 takot-4</i></p> <ul style="list-style-type: none"> ● Saan mang damdamin tumapat ang <i>feeling dice</i>, kukuha ang bawat miyembro ng mga bagay sa loob ng silid-aralan ayon sa bilang na nakasaad. ● Ilalagay ang mga kinuhang bagay sa loob ng kahon ayon sa damdaming ipinakita ng <i>feeling dice</i>. ● Kapag ang lahat ng miyembro ay nakagawa na ng gawain, bibilangin na nila ang mga bagay na nakuha. ● Ipatukoy ang damdaming may pinakamarami/ pinakakaunti/ may magkaparehong | <ul style="list-style-type: none"> ● Ipapakita ang kilos na angkop sa awit. ● Ipatukoy ang damdaming binanggit sa awit. |
|--|---|---|---|--|---|

| | | | | | |
|--|---|---|---|--|--|
| | | | | bilang bagay na nailagay sa kahon. | |
| | <p>Pangkat 2: <i>Feeling Dice Game</i></p> <ul style="list-style-type: none"> ● Ipakita ang <i>dice</i> na may nakadikit na <i>emotion cutouts</i>. ● Ipahagis ang <i>dice</i>. ● Ipatukoy sa bawat miyembro ang damdaming ipinakita sa inihagis na <i>dice</i>. ● Magpakuwento kung kailan nila naramdaman ito. ● Ipagpatuloy ang paghagis ng <i>dice</i> hanggang makapagkuwento na ang lahat ng miyembro. | <p>Pangkat 2: <i>Emotion Spinner (Angry)</i></p> <ul style="list-style-type: none"> ● Ibigay ang plastik na bote sa pangkat. ● Sabihan ang lider na paikutin ang bote at tanungin ang miyembro na tatapatan ng bote kung nagalit na ba siya at ano ang dahilan nito. ● Uulitin ang pagpapaikot ng bote hanggang ang lahat ay makapagkuwento ng dahilan kung bakit sila nagalit. ● Kapag natanong na ang lahat, iulat kung sino ang may maraming bilang ng nakaramdam ng galit, babae ba o lalaki. | <p>Pangkat 2: <i>Pagtambalin Mo</i></p> <ul style="list-style-type: none"> ● Magbigay ng tsart na nagpapakita ng mga sitwasyon ng pambu-<i>bully</i>. ● Ipamigay ang <i>emoticons</i> ng masaya, malungkot, galit at takot na damdamin. (Siguraduhing may sapat na bilang ang <i>emoticons</i> ayon sa maaaring isagot ng mga bata.) ● Ipadikit sa tabi ng sitwasyon kung ano ang kanilang maaaring maramdaman kung mararanasan nila ang sitwasyon. ● Ipaulat sa klase ang natapos na gawain. | <p>Pangkat 2: <i>Find the Number</i></p> <ul style="list-style-type: none"> ● Ipamigay ang <i>emoticon</i> sa mga kasama sa pangkat. ● Ipapili sa bawat miyembro ang <i>emoticon</i> na madalas nilang maramdaman. ● Ipalagay ito sa loob ng kahon na may larawan ng babae at lalaki. ● Kapag nakapalagay na ang lahat sa loob ng kahon, bilangin ang <i>emoticon</i>. ● Iulat ang bilang kung ilan ang palaging masaya, malungkot, nagagalit at natatakot. | <p>Pangkat 2: <i>Iguhit Natin</i></p> <ul style="list-style-type: none"> ● Bigyan ng blankong papel at gamit sa pagguhit ang pangkat. ● Magpaguhit ng mukhang nagpapakita ng damdamin ng bawat isa. ● Ipaulat sa klase ang natapos na gawain. |

| | | | | | |
|--|---|--|---|---|---|
| | <p>Pangkat 3: <i>Emotion Sorting</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Ipakita ang 4 na kahon na may nakadikit na damdamin sa bawat isa. • Ipasulat ang kanilang palayaw sa isang maliit na papel. • Ipahulog sa loob ng kahon ang kanilang palayaw ayon sa kanilang nararamdaman. • Ipakuwento sa klase kung bakit ganoon ang kanilang pakiramdam. (Bigyang-pansin ang emosyon na nangangailangan ng tulong.) | <p>Pangkat 3: <i>Paint What Makes Me Angry</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Bigyan ang pangkat ng gamit sa pagpipinta gaya ng lapis, <i>marker</i>, <i>water color</i>, at <i>brush</i>. • Ipakita ang iba't ibang larawang walang kulay na maaaring magdulot ng galit sa isang bata gaya ng nasira ng kapatid ang kaniyang laruan, batang inagawan ng laruan, o hindi ibinili ng bagong laruan. • Hikayatin silang piliin sa mga larawan ang pinakamadalas na pangyayari na nakararamdam sila ng galit. • Siguraduhin na magkasundo ang mga miyembro ng pangkat kung ano ito. | <p>Pangkat 3: <i>Isumbong Mo</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Ipakita ang 3 halimbawang sitwasyon ng pambu-<i>bully</i>. • Ipaarte sa pangkat ang mga dapat nilang gawin upang hindi maging biktima ng <i>bullying</i>. | <p>Pangkat 3: <i>Wipe the Tears</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Magpakita ng mga larawan ng batang nakararanas ng iba't ibang damdamin: (umiiyak, natatakot, nalulungkot) • Ipaarte sa pangkat ang paraan kung paano matutulungan ang mga batang nasa larawan. • Ipaulat kung bakit iyon ang naisip nilang gawin. | <p>Pangkat 3: <i>Igalaw Natin</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Ipasabi sa miyembro ng pangkat ang iba't ibang damdamin. • Itanong kung ano ang kanilang ginagawa sa tuwing nararamdaman nila ang mga sinabi nilang emosyon o damdamin. • Ipaarte ang sumusunod na damdamin: <ol style="list-style-type: none"> a. masaya b. malungkot c. natatakot d. nagagalit e. naiinip |
|--|---|--|---|---|---|

| | | | | | |
|--|--|---|--|----------------|-------------------|
| | | <ul style="list-style-type: none"> ● Pakulayan sa kanila ang larawan na napili. ● Ipaulat sa klase ang natapos na gawain. | | | |
| | <p>Mga iba pang mungkahing gawain sa <i>Numeracy Skill Development (Independent Activity)</i>:</p> <ul style="list-style-type: none"> ● <i>Sampung Magkakaibigan</i> ● <i>Feelings Collage</i> ● <i>Feelings Pattern</i> ● <i>Feelings stick puppets</i> | | <p>Mga iba pang mungkahing gawain sa <i>Early Literacy (Independent Activity)</i>:</p> <ul style="list-style-type: none"> ● Alpabeto ng Damdamin ● Payo Sa <i>Bully</i> ● “Ang Nawawalang Bola” ● Madamdaming Kuwentuhan | | |
| | <p>Mungkahing Karagdagang Gawain: <i>(Independent Activity)</i>: <i>Video/Photo Album</i> ng Iba’t Ibang Damdamin para sa mga batang walang magagamit na <i>cellphone</i> sa kanilang bahay. <i>Note:</i> Ito ay <i>homework</i> ng mga batang may magagamit na <i>cellphone</i> sa kanilang bahay sakaling kailangang bumalik sa <i>online learning modality</i>. (Sumangguni sa Apendiks para sa pamamaraan.)</p> | | | | |
| Indoor/ Outdoor Play (35 minuto) | <p>Muling magpaawit upang ihanda ang mga mag-aaral sa susunod na gawain. Mahalagang magkaroon ng maayos na <i>transition</i> ang bawat gawain upang hindi magdulot ng <i>stress</i> sa mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, masisigurado ang pagpapanatili ng <i>safe and secure learning environment</i> at <i>child-centered atmosphere</i>. Maaari ring hikayatin ang mga mag-aaral na pumili ng gawaing nais. Mahalaga ito sa pagsasaalang-alang ng <i>socio-emotional learning</i> ng mga mag-aaral.</p> <p>Sabihin: <i>Handa na ba kayong maglaro? Ano-ano ang dapat tandaan sa paglalaro?</i> Mga mungkahing gawain:</p> | | | | |
| | Palit-Awit: “Kung Ikaw ay Masaya” | Buksan ang Basket | Lumulubog ang Barko | Lakad sa Dilim | Unahan sa Pag-upo |
| | <p>Sabihin: Tapos na ang oras sa paglalaro. Iligpit na ang mga ginamit. Ihanda ang sarili at maupo nang maayos. Gawin ninyo ang inyong Tsart ng Damdamin para sa araw na ito habang kayo ay nakaupo.</p> | | | | |

| | | | | | |
|--|---|---|--|--|---|
| <p>Wrap-up Time & Dismissal (20 minuto)</p> | <p>Para sa <i>holistic learning</i>, itanong sa mag-aaral kung ano ang nagustuhan nilang bahagi sa aralin o gawain.</p> <p>Sabihin: Marami tayong ginawa ngayong araw. Magbigay kayo ng gawaing natatandaan. Sabihin kung ano ang pinakanagustuhan. Ibigay din ang inyong natutuhan. Sagutin nang pasalita ang mga tanong:</p> | | | | |
| | <p>Sino sa inyo ang uuwi nang masaya? Bakit?</p> <p>Sino naman sa inyo ang uuwi nang malungkot? Bakit?</p> <p>Alalahanin na maaaring magbago ang inyong damdamin sa loob ng araw na ito. Minsan, kayo ay masaya, at minsan naman ay malungkot. Ito ay likas. Bukas ay may isa pang damdamin tayo na pag-uusapan sa ating klase.</p> | <p>Sino sa inyo ang uuwi nang nagagalit? Bakit?</p> <p>Ano kaya ang dapat gawin ng ating kaklase upang hindi na siya galit sa kaniyang pag-uwi?</p> <p>Alalahanin na maaaring magbago ang inyong damdamin sa loob ng araw na ito. Minsan, kayo ay nagagalit. Ito ay likas. Bukas ay may isa pang damdamin tayo na pag-uusapan sa ating klase.</p> | <p>Sino sa inyo ang uuwi na nasasaktan ang damdamin dahil natukso o inapi/<i>na-bully</i>?</p> <p>Ano kaya ang dapat gawin ng ating kaklase upang hindi siya umuwi na masakit ang damdamin o kalooban?</p> <p>Alalahanin na maaaring magbago ang inyong damdamin sa loob ng araw na ito. Minsan kayo ay nasasaktan kung kayo ay tinutukso o inaapi/binubully. Ito ay likas. Bukas ay may isa pang damdamin tayo na pag-uusapan sa ating klase.</p> | <p>Sino sa inyo ang uuwi na natatakot? Bakit?</p> <p>Ano kaya ang dapat gawin upang hindi umuwing takot ang ating kaklase?</p> <p>Alalahanin na maaaring magbago ang inyong damdamin sa loob ng araw na ito. Minsan, kayo ay natatakot. Ito ay likas. Ang mahalaga ay alam natin ang gagawin upang mawala ang takot.</p> | <p>Sino sa inyo ang naiinip na sa pag-uwi ngayon? Bakit?</p> <p>Tingnan ang iyong Tsart ng Damdamin at bilangin kung ilang beses ka naging masaya, malungkot, nagalit, nainip, nasaktan ang damdamin, at natakot ngayong linggo. Alin ang pinakamarami? Alin ang pinakakaunti?</p> <p>Dagdag na Gawain/gawin sa bahay: Gamit ang <i>cellphone</i> ng magulang, gumawa ng <i>video</i> na nagpapakita ng iba't ibang damdamin. I-<i>upload</i> ito sa <i>Messenger chat group</i> para maipakita sa klase.</p> <p>Kung walang <i>cellphone</i>, maaari ring</p> |

| | | | | | |
|--------------------------|--|--|--|--|--|
| | | | | | gumawa ng <i>photo album</i> na nagpapakita ng iba't ibang damdamin. Ipasa ito sa guro pagpasok sa paaralan. |
| | Bago lumabas sa silid-aralan, papilahin ang mga mag-aaral sa dalawang hanay, isang pila sa lalaki at isa sa babae. | | | | |
| Dismissal Routine | <p>Sabihin: Maraming salamat, mga bata, sa inyong pagpasok at partisipasyon sa klase sa araw na ito. (Magbigay ng <i>reminder</i> sa mga bata kung may ibibigay silang sulat sa kanilang mga magulang mula sa paaralan, at/o takdang-aralin, at iba pa.)</p> <p>Awitin natin ang “Paalam Na Sa Iyo.”</p> <p>Mag-ingat kayo sa inyong paglalakad, pagsakay at pagbaba ng sasakyan, at pagtawid sa daan. Magkita-kita uli tayo bukas dito sa ating mahal na paaralan. Tandaan: Mahal kayo ni titser!</p> | | | | |

DAILY TEACHER'S REFLECTIONS

| Reflection Questions | |
|--|--|
| A. Aling bahagi ng gawain ang nagustuhan ng mga bata? Bakit? | |
| B. Alin ang hindi nila gaanong nagustuhan? Bakit? | |
| C. Sa iyong palagay, aling estratehiya sa pagtuturo ang naging epektibo? Bakit? | |
| D. Anong inobasyon/ lokal na materyales ang iyong ginamit sa araw na ito? Ano ang naging reaksiyon ng mga bata dito? | |
| E. Anong obserbasyon sa mga bata ang gagamitin mo upang lalo pang mapaganda ang iyong pagtuturo? | |
| F. Nasagot ba ng mga bata ang mga tanong? (tingnan ang 'Mga Katanungan' pagkatapos ng 'Mensahe'). | |

Inihanda ni:

Sinuri ni:

Pinagtibay ni:

Guro

Dalubguro

Punongguro



Apendiks

A. Theme-Related Activities

Tsart ng Damdamin

Mga Layunin:

1. Natutukoy at naitatala ang damdamin ng buong klase sa loob ng isang linggo
2. Nauunawaan na mayroong damdamin ang bawat isa
3. Naipahahayag ang sarili sa pamamagitan ng pagguhit ng sariling damdamin (*Creativity*)
4. Nalilinang ang kasanayan sa paghahambing ng bilang ng damdaming kanilang naramdaman (*Numeracy Skill Development*)

Bilang ng kasali: lahat ng mga bata sa klase

Mga kagamitan: papel na hinati sa limang *column* para sa mga araw ng Lunes hanggang Biyernes na may apat na *row* para sa pangalan ng bata, mga araw na may pasok, pagdating at pag-uwi, mga panulat (lapis, pangkulay, o *colored pens*)

Halimbawa:

| Pangalan: | | | | |
|-----------|--------|------------|---------|----------|
| Lunes | Martes | Miyerkoles | Huwebes | Biyernes |
| | | | | |
| | | | | |

Pamamaraan:

1. Bigyan ang bawat bata ng papel at sabay-sabay basahin ang nakasulat na mga araw ng Linggo.
2. Ipasulat ang kanilang pangalan sa papel. Gabayan ang bata sa pagsasagawa ito.
3. Ipaguhit ang kanilang mukha sa kahon sa ilalim ng Lunes bago simulan ang mga gawain. Ipakita ang kanilang damdamin sa mukha na kanilang iguguhit.
Ipaguhit muli ang kanilang mukha bago sila umuwi upang makita kung nagbago ba ang kanilang damdamin mula sa kanilang pagpasok o nanatili ito hanggang sa kanilang pag-uwi.
4. Ipaguhit ito sa kanilang Tsart ng Damdamin mula Lunes hanggang Biyernes.

5. Pagdating ng Biyernes, ipabilang sa mga bata kung anong damdamin ang naramdaman nila sa buong linggo at paghahambingin kung alin sa mga ito ang mas marami, mas kaunti o magkapareho ng bilang.

Pagsasadula ng Kuwento: *Masaya Kapag Magkasama (Ludovico, 2022); Si Muning at ang Bully (Chit, 2022); Nagpunta si Ardilya sa Paaralan (Do Thai Thanh, 2020); Ang Nawawalang Bola (Mustafa, 2020)*

Mga Layunin:

1. Naipahahayag ang damdamin sa kuwento sa pamamagitan ng dula (*Oral Language Skill Development*)
2. Naisasalaysay ang sariling karanasan batay sa kuwentong napakinggan (*Oral Language Skill Development*)

Bilang ng kasali: lahat ng mga bata sa klase

Mga kagamitan: aklat; mga *props* ayon sa kuwento

Pamamaraan:

1. Hikayatin ang mga bata na sumali sa pagsasadula ng damdaming natutuhan sa kuwento.
2. Itanong ang karanasan nila na kaugnay sa damdaming ipinahayag sa kuwento.
2. Maaaring gumamit ng *props* upang maging makatotohanan ang pagsasadula ng kuwento.
4. Hayaan ang mga bata na magpahayag ng kanilang damdamin batay sa kanilang sariling naranasan na kaugnay sa kuwento.

Video/Photo Album ng Iba't Ibang Damdamin

Mga layunin:

1. Nagagamit ang *technology* upang maipakita ang natutuhan tungkol sa mga damdamin
2. Naipahahayag ang damdamin sa paggawa ng *video* o *photo album*
3. Naisasalaysay ang sariling karanasan batay sa *video* o *photo album* na ginawa

Mga kagamitan: *cellphone*, *photo album*, salamin

Bilang ng kasali: paisa-isa lamang para sa mga batang walang magagamit na *cellphone* sa bahay

Pamamaraan:

1. Sabihin sa mga bata na hingin ang tulong at gabay ng kanilang magulang sa paggawa ng *video* o *photo album* na nagpapakita ng iba't ibang damdamin.
2. Sabihin na mahalagang magpraktis sila ng kanilang magulang ng iba't ibang *facial expressions* gaya ng tuwa, lungkot, takot, galit, pagkainip, at sakit ng damdamin sa harap ng salamin bago sila gumawa ng *video*.
3. Sabihin sa mga bata magkatulong sila ng kanilang magulang na gumawa ng *video* gamit ang *cellphone* ng kanilang magulang.

4. Sabihin sa mga bata na hilingin sa kanilang magulang na i-*upload* lamang ang *video* sa *chat group* ng magulang at guro sa paaalan. (Makipag-ugnayan sa magulang hinggil sa gagawing pag-a-*upload* ng *video*. Kung *photo album* ang ginawa, hilinging ipadala ito sa bata.)
5. Maaaring *photo album* na lang ang gawin kung mahihirapan sa paggagawa ng *video* o walang *cellphone* na maaaring gamitin sa paggawa ng *video*.
6. Sa paggawa ng *photo album*, pumili ng mga larawan nila kasama ang pamilya na nagpapakita ng iba't ibang damdamin.
7. Idikit ang mga larawan sa isang album at ipasa ito sa guro.

*Note: Ang gawaing ito ay **karagdagang gawain** ng mga bata.*

B. Math-Related Activities:

Sampung Magkakaibigan

Mga layunin:

1. Naisusulat ang malalaki at maliliit na letra ng sariling pangalan (*Literacy Skill Development*)
2. Nalilinang ang husay sa pagguhit (*Creativity*)
3. Naitutukoy ang dami ng bilang ng damdaming naiguhit (*Numeracy Skill Development*)
4. Nalilinang ang kasanayan sa paghahambing ng bilang ng damdaming naiguhit (*Numeracy Skill Development*)

Bilang ng kasali: lahat ng bata

Mga kagamitan: papel at panulat (lapis, pangkulay, *colored pens*)

Pamamaraan:

1. Bigyan ang mga bata ng sulatang papel.
2. Ipasulat sa mga bata ang kanilang pangalan sa papel.
3. Hikayatin ang sila na lapitan ang kanilang mga kaibigan sa klase.
4. Ipakumusta ang kanilang mga kaibigan. Bigyan sila ng mga gabay na tanong sa pangungumusta.
Halimbawa: Kumusta ka ngayon? Ano ang iyong nararamdaman? Bakit ka masaya?/malungkot?/ at iba pang damdaming babanggitin ng kaibigan.
5. Ipaguhit ang damdamin ng kanilang mga kaibigan sa sulatang papel.
6. Ipadikit ang papel sa pisara.
7. Paghambingin ang dami ng bilang ng damdaming naramdaman ng kanilang mga kaibigan.

Feelings Collage

Layunin: Nakalilikha ng *collage* ng iba't ibang damdamin

Bilang ng kasali: 5 bata bawat pangkat

Mga kagamitan: *cutouts* ng iba't ibang damdamin, pandikit o *masking tape*, *manila paper* o *cartolina*

Pamamaraan:

1. Magdikit ng limang *manila paper* o *cartolina* sa dingding ng silid-aralan.
2. Lagyan ng pangalan ng pangkat ang bawat *manila paper* – Pangkat 1-SAYA, Pangkat 2- LUNGKOT, Pangkat 3- TAKOT, Pangkat 4- GALIT, at Pangkat 5- INIP.
3. Sabihin sa mga bata na hanapin sa mga *cutouts* ang larawan na nagpapakita ng iba't ibang damdamin.
4. Ipadikit sa *manila paper* o *cartolina* ang piniling *cutouts* ng damdaming ipinahahayag sa bawat pangkat batay sa kanilang estilo ng kanilang *collage*.

Feelings Pattern

Mga Layunin: Natutukoy ang kasunod na damdamin

Naiguguhit ang kasunod na damdamin ayon sa pagkakasunod-sunod ng ayos nito.


Bilang ng kasali: 5 bata bawat pangkat

Mga kagamitan: papel na may limang *pattern* at panulat


Pamamaraan:

1. Ibigay sa bawat bata ang *feeling pattern activity sheet*.

Halimbawa:



2. Ipasabi ang mga damdaming nakikita.
3. Ipatukoy kung ano ang kasunod na damdamin na nawawala ayon sa ayos nito.
4. Ipaguhit sa linya ang kasunod na damdamin sa hanay upang mabuo ang ayos ng damdamin.



Feelings Stick Puppets

Layunin: Nakalilikha ng *stick puppet* gamit ang iba't ibang hugis

Bilang ng kasali: 5 bata bawat pangkat

Mga kagamitan: limang papel na may malaking hugis bilog bilang mukha, pira-pirasong mas maliit na papel na hugis bilog, tatsulok, parisukat, at parihaba, *popsicle sticks*, pandikit at *masking tape*

Pamamaraan:

1. Ibigay sa mga bata ang papel na may malaking hugis bilog bilang mukha.
2. Ipamigay rin ang pira-pirasong mas maliit na papel na hugis bilog, tatsulok, parisukat at parihaba.
3. Ipagawa sa mga bata ng limang mukha na may iba't ibang damdamin gamit ang mga papel na may iba't ibang hugis at pandikit.
4. Ipadikit ang mga nagawang mukha sa *popsicle stick* gamit ang *masking tape*.
5. Ipagamit sa mga bata ang limang *feelings stick puppets* tuwing Balitaan sa klase upang ipahayag ang kanilang damdamin sa oras na iyon.

C. Early Literacy Activities

Alpabeto ng Damdamin

Mga Layunin:

1. Nakikilala at nasasabi ang tunog ng mga letra ng salitang tumutukoy sa iba't ibang damdamin
2. Nababasa ang salitang tumutukoy sa damdaming nasa larawan

Bilang ng kasali: 5 bata bawat pangkat

Mga kagamitan: blankong aklat na gawa sa papel na pinagsama-sama ng *stapler* na may mga salitang tumutukoy sa damdamin sa bawat pahina, panulat gaya ng lapis at pangkulay o *colored pens*

Pamamaraan:

1. Ipakita ang mga larawan na may nakasulat na salitang tumutukoy sa damdaming nakalarawan.
2. Ipatukoy ang damdaming ipinakikita sa bawat larawan.

3. Ipatukoy ang bawat letra.
4. Gabayan ang mga bata sa pagbibigay ng tunog ng mga letra.
5. Basahin sa mga bata ang salitang tumutukoy sa damdaming nasa larawan.
6. Ipaalut sa kanila ang salitang binasa.

Payo sa Bully

Mga Layunin:

1. Naikukuwento ang sariling karanasan tungkol sa *bullying*
2. Nakapagbibigay ng mensahe para sa mga *bully*

Bilang ng kasali: 5 bata bawat pangkat

Mga kagamitan: papel, panulat (lapis, pangkulay, *colored pens*)

Pamamaraan:

1. Ipaikuwento ang sarili nilang karanasan tungkol sa *bullying*.
2. Hayaan ang mga bata kung ano ang gusto niyang sabihin sa *bully* tungkol sa ginawang pambu-*bully* nito.
3. Maaaring ipaguhit sa bata kung paano niya ipararating ang kaniyang mensahe. (Sumangguni sa *Teacher's Guide*, partikular tungkol sa *Emergent Literacy*.)
4. Tulungan ang bata sa pagguhit kung kailangan.

Madamdaming Kuwentuhan

Layunin: Naihahayag ang sariling karanasan at damdamin

Bilang: 5 bata bawat pangkat

Kagamitan: *feelings cube* (isang *cube* na may larawan ng iba't ibang damdamin sa bawat *side* nito)

Pamamaraan:

1. Ihahagis ng bata ang *feelings cube* at titingnan kung anong damdamin ang makikita sa ibabaw nito.
2. Magbabahagi ang bata ng sariling karanasan kung paano niya naranasan ang damdaming iyon.
3. Lahat ng bata sa grupo ay maghihintay ng kanilang pagkakataon na maghagis ng *feelings cube* at magkukuwento ng kanilang karanasan.

D. Indoor-Outdoor Play Activities

Palit-Awit: “Kung Ikaw Ay Masaya”

Layunin: Naipakikita ang damdamin sa pamamagitan ng awit at iba't ibang galaw

Bilang ng kasali: lahat ng mga bata sa klase

Mga kagamitan: Awiting “Kung Ikaw Ay Masaya”

Pamamaraan:

1. Ituro ang awit sa mga bata kasama ang mga *action* nito ayon sa damdaming ipinahahayag nito.
2. Maaaring magmartsa sa lugar o pasulong at paatras habang umaawit.
3. Sabihin sa mga bata na palitan nila ang ibang salita (*lyrics*) ng awit. Gawin din ang aksiyon ng bagong salitang ginamit. Halimbawa: “Kung ikaw ay masaya, pumalakpak.”
4. Maaari ring palitan ang mga salita ng ‘malungkot’, ‘natatakot’, ‘naiinip’, at iba pang salitang nagpapahayag ng damdamin. Gawin ang aksiyon ng bagong salitang ginamit. Halimbawa: “Kung ikaw ay malungkot, umiyak ka.”
5. Bigyan ng pagkakataon ang bawat bata na makapagbigay ng bagong salitang tumutukoy sa damdamin na ipapalit sa awit.

Lakad sa Dilim

Mga layunin:

1. Nakasusunod nang wasto sa mga panuto
2. Naipakikita ang kakayahang tumugon nang naaangkop sa iba't ibang sitwasyon at pangyayari

Bilang ng kasali: lahat ng mga bata sa klase

Mga kagamitan: piring sa mata at bola

Pamamaraan:

1. Sabihin sa mga bata na humanap sila ng kapareha.
2. Ipaalala na kailangan nilang magtulungan upang makuha nila ang bola.
3. Magsusuot ng piring sa mata ang isa habang ang kaniyang kapareha ang magsasabi kung saan siya pupunta upang makuha niya ang bola.
4. Kapag nakapiring na ang isa ay saka lamang ilalagay ang bola sa pagkukuhanan nito.
5. Pagkatapos ng unang laro ay maaaring magsuot ng piring ang kapareha upang mabigyan din siya ng pagkakataon na lumakad sa dilim at hanapin ang bola.

Unahan sa Pag-upo

Mga layunin:

1. Nakasusunod nang wasto sa panuto
2. Naisasagawa ang kilos lokomotor at di-lokomotor
3. Naipahahayag ang sariling damdamin sa paglalaro

Bilang ng kasali: lahat ng mga bata sa klase

Mga kagamitan: mga upuan, musika/tugtog

Pamamaraan:

Bago maglaro

1. Ayusin ang mga silya nang pabilog. Ang mga upuan ay nakaharap sa labas ng bilog.
2. Kailangang kulang ng isang upuan para sa bilang ng batang maglalaro.
3. Paupuin ang mga bata sa silya upang matiyak na may isang bata na walang maupuan.

Habang naglalaro

1. Kapag pinatutugtog ang musika, patayuin ang mga bata at hikayatin silang magsayaw habang naglalakad palibot sa mga upuan.
2. Kapag huminto ang musika, kailangang mabilis na kumilos ang mga bata sa pag-upo sa mga silya.
3. Ang hindi makauupo ay maaalis sa laro. Aalisin din ang isang silya. Ipalawanag sa maaalis na maaari silang sumali muli sa susunod na laro kaya hindi sila dapat malungkot.
4. Ituloy ang laro hanggang sa may isang silya na lamang na matira para sa dalawang batang manlalaro.
5. Ang mananalo sa laro ay ang unang makauupo sa silya.

E. Songs and Rhymes

| | | |
|---|---|--|
| <p><u>“Isa, Dalawa, Tatlo”</u></p> <p>Isa, dalawa, tatlo, Una-unahan tayo. Apat, lima, anim, Sa balong malalim. Pito, walo, siyam, Lahat parang langgam. Pagdating sa sampu, Ang lahat ay umupo!</p> | <p><u>Masaya Kung Sama-sama</u> <i>(The More We Get Together)</i></p> <p>Masaya kung (sama-sama) 3x Masaya kung sama-sama, At may tawanan. Kay lungkot ng buhay, Kung wala kang kaibigan. Masaya kung sama-sama, At may tawanan</p> | <p><u>“Munting Bituin”</u> <i>(Twinkle, Twinkle, Little Star)</i></p> <p>Kay ningning, munting bituin. Liwanag sa gabing madilim. Kislap nang kislap parang kulisap. Nagtatago sa likod ng ulap. Kay ningning munting bituin. Liwanag sa gabing madilim.</p> |
|---|---|--|

| | | |
|--|--|---|
| <p>Kung Ikaw Ay Masaya</p> <p>Kung ikaw ay masaya, Tumawa ka. Kung ikaw ay masaya, Tumawa ka. Kung ikaw ay masaya, Buhay mo ay sisigla. Kung ikaw ay masaya, Tumawa ka.</p> <p>(Maaaring palitan ang mga salitang 'masaya' at 'tumawa' ng ibang damdamin at pahiwatig ng damdamin.)</p> | <p><u>Kumusta Ka?</u></p> <p>Kumusta ka? Halina't magsaya Ipalakpak ang kamay Ituro ang paa Padyak sa kanan Padyak sa kaliwa Umikot nang umikot At humanap ng iba</p> | <p>Paalam na Sa 'Yo <i>(The Learning Tree Child Growth Center Inc., 1992)</i></p> <p>Paalam na sa 'yo, paalam na sa 'yo. Bukas babalik, bukas babalik. Paalam na sa 'yo,paalam na sa 'yo. Bukas babalik. Bukas babalik.</p> <p>(Palitan ang 'bukas' ng "Sa Lunes" sa pag-awit nito tuwing Biyernes.)</p> |
|--|--|---|